# Pagsasanay sa Mga Empleyado para sa Pag-iwas sa Seksuwal na Panliligalig

CIVIL RIGHTS DEPARTMENT
STATE OF CALIFORNIA

FAQ

Iniaatas ng batas ng California sa lahat ng employer na may 5 o higit pang empleyado na magbigay ng 1 oras ng pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig at mapang-abusong gawi sa mga hindi nangangasiwang empleyado, at 2 oras hg pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig at mapang-abusong gawi sa mga nangangasiwang empleyado, kada dalawang taon. Ang susunod na takdang petsa ng pagsasanay ay sa Enero 1, 2023.

Nag-aalok ang Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ng mga libreng online na pagsasanay na nakakatugon sa mga kinakailangang ito – isa para sa mga superbisor at isa para sa mga hindi superbisor. Available ang parehong pagsasanay sa Chinese, Ingles, Korean, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese (MAG-CLICK DITO PARA MAKITA ANG PAGSASANAY). Iniaatas ng batas na gawin at i-post ng CRD ang parehong kurso ng pagsasanay sa website nito, na magagamit ng mga employer sa halip na kumuha ng tagapagsanay.

Inaatasan ang employer na isailalim sa pagsasanay ang mga empleyado nito na nakabase sa California hangga't may 5 o higit pang empleyado ito saanman, kahit na hindi sila nagtatrabaho sa parehong lokasyon at kahit na hindi nagtatrabaho o naninirahan ang lahat sa kanila sa California.

### Bakit kinakailangan ang pagsasanay na ito?

Lubos na sineseryoso ng California ang seksuwal na panliligalig, at labag din ito sa batas. Bagaman higit na ang kabatiran ukol sa seksuwal na panliligalig at ang mga panganib nito, maraming manggagawa pa rin ang nakakaranas ng panliligalig dahil sa kanilang kasarian o iba pang protektadong katangian. Ang mga pagsasanay na ito ay inaatas ng batas at idinisenyo para turuan at paalalahanan ang lahat kung ano ang – at ano ang hindi – katanggap-tanggap na gawi sa lugar ng trabaho.

### Dapat ba akong sumailalim sa pagsasanay?

Kung ang iyong employer ay may 5 o higit pang empleyado, dapat kang isailalim sa pagsasanay, pero mag-iiba ang tagal ng iyong pagsasanay depende sa posisyon mo. Dapat makatanggap ang mga hindi nangangasiwang empleyado ng 1 oras ng pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig at mapang-abusong gawi at dapat makatanggap ang mga nangangasiwang empleyado ng 2 oras ng pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig at mapang-abusong gawi.

### Gaano kadalas ako dapat sumailalim sa pagsasanay?

Dapat mong matugunan ang kinakailangan sa pagsasanay kada dalawang taon.

### Ano ang takdang petsa kung kailan dapat ay sumailalim na ako sa pagsasanay?

Dapat matugunan ng lahat ng empleyado ang kinakailangan sa pagsasanay bago lumipas ang Enero 1, 2023. May iba't ibang timeline at kinakailangan sa pagsasanay para sa mga empleyado sa mga posisyong nangangasiwa at hindi nangangasiwa, na tatalakayin ng iyong employer. Dapat muling isailalim sa pagsasanay ang mga empleyado kada dalawang taon.

- **Kung isa akong empleyado na pansamantala o pana-panahong nagtatrabaho, dapat ba akong sumailalim sa pagsasanay?**

  Oo. Kung na-hire ka para magtrabaho sa loob ng wala pang anim na buwan, dapat kang sumailalim sa pagsasanay sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula noong nagsimula kang magtrabaho o bago ka makapagtrabaho nang 100 oras, alinman ang mauuna.

- **Kung isa akong independiyenteng kontratista, boluntaryo, o hindi binabayarang intern, dapat ba akong sumailalim sa pagsasanay?**

  Hindi.

- **Dapat bang gawin ang pagsasanay online, nang mag-isa, o kumpletuhin ito nang minsanan?**

  Hindi. Maaaring magbigay ng pagsasanay ang iyong employer sa personal sa isang silid-aralan, online, o sa anumang epektibo at interaktibong paraan. Maaaring kumpletuhin ng mga empleyado ang pagsasanay nang mag-isa o bilang bahagi ng presentasyon ng grupo, at maaari itong kumpletuhin nang baha-bahagi hangga't natutugunan ang nalalapat na kabuuang kinakailangan sa oras.

- **Ano ang dapat saklawin ng pagsasanay?**

  Dapat na kasama sa pagsasanay ang impormasyon at praktikal na gabay tungkol sa batas ng pederal at ng estado ukol sa pagbabawal, at pag-iwas at pagtatama sa seksuwal na panliligalig at ang mga remedyong magagamit ng mga biktima ng seksuwal na panliligalig. Dapat na kasama rin sa pagsasanay ang mga praktikal na halimbawa ng panliligalig, diskriminasyon, at paghihiganti, pati na rin ang impormasyon tungkol sa pag-iwas sa mapang-abusong gawi at panliligalig batay sa seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, at pagpapahayag ng kasarian.

- **Kailangan ko bang kunin ang pagsasanay ng CRD?**

  Hindi. Inaalok ng CRD ang mga pagsasanay na ito bilang dulugan para tulungan ang mga employer na matugunan ang kanilang mga obligasyon, ngunit hindi mo kailangang gamitin ang isa sa mga pagsasanay ng CRD para matugunan ang mga kinakailangan sa pagsasanay.

- **Maaari ba akong kumuha pa ng mga pagsasanay na higit sa inaatas ng batas?**

  Oo. Walang limitasyon sa bilang ng oras na maaari mo itong gawin. Kung sa palagay mo ay gusto mo ng higit pang pagsasanay, makipag-usap sa iyong employer para malaman kung mayroong higit pang programa at kung makakapagliban ka sa trabaho o makakakuha ng karagdagang bayad para sa pagkuha ng higit pang pagsasanay.

- **Paano kung nakatanggap na ako ng pagsasanay bilang pagsunod sa Kodigo ng Pamahalaan 12950.1 (Government Code 12950.1) sa loob ng nakaraang dalawang taon mula sa kasalukuyan, dati, alternatibo, o kasamang employer? Kailangan ko bang kunin muli ang pagsasanay?**

  Hindi. Tingnan ang 2 CCR 11024(b)(6) tungkol sa “Katulad na Pagsasanay (Duplicate Training)” para sa higit pang impormasyon.

- **Kung isa akong tagapagsanay na isa ring empleyado, kailangan ko bang makatanggap ng pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig para makasunod sa kinakailangan ang aking employer?**

  Hindi. Ang isang indibidwal na isang kwalipikadong tagapagbigay ng pagsasanay ayon sa mga regulasyon (at na nagbibigay ng pagsasanay) ay hindi kailangang lumahok sa isang hiwalay na pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig para makasunod ang kaniyang employer sa mga kinakailangan sa pagsasanay.

- **Kung isa akong empleyadong nasa labas ng California, kailangan bang sumailalim ako sa pagsasanay?**

  Hindi. Ang mga empleyadong nasa labas ng California ay hindi kinakailangang sumailalim sa pagsasanay.

- **Pagkatapos makumpleto ang pagsasanay, kailangan ko bang magsumite ng anumang dokumentasyon ng pagsasanay sa aking employer?**

  Maaaring iatas ng iyong employer na magsumite ka ng sertipiko ng pagkumpleto ng pagsasanay. Mangyaring sumangguni sa iyong employer para sa instruksiyon.

- **Paano kung nawala o hindi ko na-save (o na-print) ang sertipiko ng pagkumpleto, makakahiling ba ako ng kapalit na kopya?**

  Hindi. Hindi tinatago o sinusubaybayan ng CRD ang pagkumpleto ng pagsasanay na ito. Kung nakabukas pa ang iyong sesyon ng pagsasanay sa iyong browser, maaari mong subukan ang button na 'PREVIOUS (NAKARAAN)' para balikan at muling i-generate ang iyong sertipiko. Kung hindi ito gumana, dapat mong muling kunin ang pagsasanay para makakuha ng sertipiko ng pagkumpleto.

- **Kailangan ko bang magbayad para sa pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig at mapang-abusong gawi?**

  Hindi. Tinutukoy ng batas ng California na, "Ang employer... ay dapat na magbigay" ng pagsasanay sa pag-iwas sa seksuwal na panliligalig at mapang-abusong gawi. Kodigo ng Pamahalaan 12950.1(a)-(b). Responsibilidad ng employer – hindi ng empleyado – na magbigay ng kinakailangang pagsasanay, kasama ang anumang halagang maaaring magastos. Nililinaw din ng pagwiwikang ito na hindi maaaring iatas sa mga empleyado na kunin nila ang nasabing pagsasanay sa kanilang personal na oras; dapat na "ibigay" ng employer ang pagsasanay bilang bahagi ng pagtatrabaho ng indibidwal.

## PARA KUNIN ANG PAGSASANAY

www.calcivilrights.ca.gov/shpt



*Ang gabay na ito ay para sa pagbibigay ng impormasyon lamang, hindi ito nagpapatupad ng substantibong patakaran o karapatan, at hindi ito maituturing na legal na payo.*